



MALILIIT NA PANAHOON NG KABAGABAGAN

Liksiyon 10 para sa ika-8 ng Hunyo, 2019

INTRO: Mabagsik ka ba sa minamahal mo? Mas mabait ba ang mga kapamilya mo sa ibang tao kaysa sa mga mahal nila sa buhay? Bakit kaya? Ganun ba dapat sila? Balik aralan natin ang ating liksyon sa linggong ito upang Makita kung ano ang tinuturo ng Biblia sa pagiging mabuti sa kapwa.

A Pitong mga payo sa paglutas ng alitan.

1. [Mateo 7:5](#). Ang pagpuna sa mali ng iba ay nagdadala ng mas maraming problema sa halip na maayos ito.
2. [Kawikaan 19:11](#). Kung ikaw ay naapi, tanungin mo ang sarili mo: may pakinabang ba kung makikipag-away ka dahil dito?
3. [Kawikaan 17:14](#). Bago makipagtalos, isipin muna ang balik nito sa susunod na dalawa o tatlong araw. At paano ang magiging balik nito sa loob ng isa o dalawang taon?
4. [Roma 14:19](#). Maiiwasan natin ang alitan sa pagsunod sa dalawang simpleng payo.
5. [Efeso 4:32](#). Dapat mong matutunang magpatawad gaya ng pagpapatawad sa iyo ni Jesus, lalo na kung iniisip mong di dapat patawarin ang iyong kabiyak.
6. [Roma 3:23](#). Tanggapin na makasalanan at di perpekto ang iyong asawa. Tanggapin sila gaya ng pagtanggap sa iyo ni Jesus.
7. [Filipos 2:4](#). Wag kang gumawa para lang sa iyong kapakanan; unahin muna ang kapakanan ng iyong kabiyak. Anuman ang mabuti sa kanila, ay magiging Mabuti rin sa iyo.
8. [Magbahagi ng karanasan na sinubukan mong makipag-ayos sa iyong kapamilya. Paano ka tinulungan ng Dios?](#)

B Mga payo sa paglutas ng alitan:

❖ **PAGKONTROL SA GALIT. Efeso 4:26-27.**

- [Kailan nagiging kasalan ang pagkagalit?](#)
 - (1) Ang hindi patas na pagkagalit na nagmumula sa pagkamakasari ay kasalanan laban sa mga pinapatungkulan natin nito.
 - (2) Kung pinapanatili naman ang patas na pagkagalit, ito ay nagiging sama ng loob, na isa ring kasalanan.

- Maaring may mabuti kang dahilan upang magalit, ngunit huwag mong gawing dahilan ito upang manatiling galit.
- Ipanalangin silang mga nananakit sayo, patawarin sila at maging pagpapala sa kanila.

❖ **TUNAY NA PAG-IBIG. Colosas 3:19.**

- [Anu-ano ang mga klase ng pang-aabuso sa pamilya?](#)
- [Bakit salungat sa plano ng Dios ang anumang uri ng pang-aabuso?](#)
1 Juan 4:7,8
- [Ano ang maipapayo mo sa taong may mapang-abusong pamilya?](#)
- Ang tunay na pag-ibig ay hindi mapilit o marahas. Ginagaya nito ang pag-ibig ng Dios. (1Co. 13; 1Jn. 4:7-8).
- Kung tunay na naghahari ang pag-ibig, natural na lang ang paglilingkod sa isa't-isa. Sila ay kapwa nakakaramdam ng proteksyon at kaligtasan.

❖ **ANG KAHALAGAHAN NG PAGPAPATAWAD. Heb. 12:14.**

- Hinikayat tayo ni Pablo na maging mapayapa sa lahat ng mga may kinalaman sa atin (Roma 12:18). [Paano ito naging konektado sa pagpapatawad?](#)
- [Bakit mahalaga ang pagpapatawad sa panahon ng kabagabagan?](#)
- Kung tayo ang naging dahilan ng isyu, dapat tanggapin natin ang ating kasalanan at taos pusong humingi ng kapatawaran.
- Kung nagkasala naman ang iba sa atin, dapat natin silang patawarin kahit hindi sila humihingi ng kapatawaran. Kung pinatawad tayo ng Dios, hindi ba dapat patawarin din natin ang iba (Mateo 18:21-35)?
- [Paano nakakatulong ang panahon ng kabagabagan sa pamilya na magkaroon ng pagkakataong maging malapit sa isa't-isa at sa Panginoon?](#)
- Dapat ang lagi nating layunin ay maayos ang nasirang relasyon, upang magdulot ito ng kapayapaan sa kanila.

PANAWAGAN: Kaibigan, kung nais mo ng pinabuting relasyon sa pamilya at sa trabaho, bakit hindi mo subukan ang mga pinag-aralan nating prinsipyo ng Biblia? Bakit hindi mop ag-aralan na maging kabahagi ito ng iyong buhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

NEXT WEEK: Mga Pamilya ng Pananampalataya